


ID ng mga residenteng mamamayan ng Kawasaki

(川崎市民カード発行)



Inumpisahan na ang pamimigay o pag-iisyu ng KAWASAKI SHIMIN KA-DO o tinatawag na ID para sa mga residente ng Kawasaki. Ito ay mapapakinabangan sa tuwing mangangailangan ng mga sertipiko ng selyo, kopya ng sertipiko bilang mamamayan atbp na maaari nang makuha ng agaran sa mga Automatic Administrative Terminal Services sa Siyudad ng Kawasaki mula ika-11 ng Hunyo.

Ang paraan ng paggamit nito ay parang sa ATM kung saan ipapasok lamang ang kard sa machine sa mga tanggapan ng pamahalaan at piliin kung ano ang kailangang papel kung ito ay sertipiko ng rehistro, sertipiko ng selyo o sertipiko ng kabayaran ng buwis atbp at ito ay makukuha kaagad.

Ang mga dayuhang residente ng Kawasaki na nais magkaroon ng Kard na ito ay kinakailangang magsadya ng personal sa tanggapan ng pamahalaan dala ang ARC, driver's license o di kaya ay ID na galing sa mga tanggapang pampamahalaan, at matatanggap din kaagad sa araw na ito. Samantalang ang sertipiko ng selyo naman ay kinakailangan pa ring dalhin ang laging ginagamit na card para dito.

Makakapag-aplay nito sa pinakamalapit na Kuyakusho Kuminka, sa mga sangay nito na kumin senta sa oras ng alas 8:30 hanggang 17:00 ng hapon.

Para sa iba pang detalye, tumawag sa 044-200-2259 na Shiminkyoku chiiki seikatsubu chiiki seikatsuka.


Eksibit sa Museo ng Mamamayan

市民ミュージアム企画展

Mataas na apresasyon ang tinamo ng animesyon ng bansang Hapon mula sa ibang bansa., Ang 「Mobile Suit Gundam」 ang pinakasikat hindi lamang sa loob o labas ng bansa. Ang mga disenyo ng Karakter nito at pagbibigay ng direksyon ni Ginoong Yoshikazu Yasuhiko ay kasalukuyang mapapanood sa binuksang eskibisyon sa Museo ng mamamayan. Ang proyektong eskibisyon ay nagpapalabas pinangungunahan ng Mobile Suit Gundam, kasunod ang mga likha ni G. Yoshikazu Yoshihiko noong nag-debyu ito na may 320 bilang ng mga gawain nitong arte ang naka-display. Inaanyayahan ang lahat upang tunguhan ang makatotohanang ilustrasyon ni G. Yoshikazu Yasuhiko.

Mapapanood ito mula ika-16 ng Hunyo (Sabado) hanggang ika-19 ng Agosto (Linggo) Ang tiket ay nagkakahalaga ng ¥700 para sa pangkaraniwang mamamayan,(¥560 para sa advance-purchasers) ¥500 para sa mga Senior Hayskul, Kolehiyo at 65 taong gulang pataas, ¥300 para sa Junior Hayskul at Elementarya.

Sa mga katanungan: Kawasaki Shimin Museum 044-754-4500.



American Football World Cup! Tikets, Mabibili na!


(アメフトワールドカップのチケット発売)

300

Mabibili na ang tiket para sa labanan ng American Football World Cup na gaganapin sa Kawasaki ward, Kawasaki Kyujyo at sa Nakahara ward, Todoroki Kyougi jyo. "Labanan para sa Kampeon ng Mundo" ang catch phrase ng una sa Asyang paglalaban ng [American Football World Cup 2007 sa Kawasaki] Inaanyayahan ang lahat na manood sa powerful at punong-puno ng excitement sa labanang ito.

Ang mga kasaling bansa ay ang tyampyon mula sa Sweden, France, Germany, Korea, Japan at sa kauna-unahang pagkakataon ay makakalahok din ang bansang America kaya't anim na bansa ang maglalaban-laban. Para sa iskedyul ng laro, tignan ang [<http://www.wc2007.info>]

Ang mga tiket ay mabibili sa Electronic Ticket PIA, Lawson Ticket, CN playguide, Eplus at ibapa. Para sa katanungan: The 3rd American Football World Cup 2007 Kawasaki Championship Office: 044-200-0062 at 044-200-2348.



May problema ka? Tawag na o magsadya sa: Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

Silid — Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:<http://www.kian.or.jp/>